
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 21
Nobyembre 7, 2019
www.cpp.ph



EDITORYAL

# Magpakatatag at puspusang lumaban!

Sa panahon ng brutal na panunupil, hinihingi sa buong bayan na ibayong magpakatatag, ipunin ang lahat ng tapang at puspusang lumaban. Mahigpit na panghawakan ang mga kahilingan para sa tunay na pagbabago para wakasan ang kaapihan at kahirapan.

Walang-lubay ang pag-abuso sa kapangyarihan ng rehimeng Duterte. Ginagamit niya ang militar at pulis at ang absolutong kapangyarihan sa ilalim ng di deklaradong batas militar. Ito ay sa anyo ng Executive Order 70, Memorandum Order 32 at lantarang paghahari ng militar sa Mindanao. Kaliwa't kanan ang pamamaslang at pagyurak sa mga demokratikong karapatan.

Nitong Oktubre 31, sabay-sabay na inaresto sa Bacolod at Escalante sa Negros ang 57 aktibista at lider-masang manggagawa, magsasaka, kababaihan at taong-midya. Ito na ang pinakamalalang kaso sa isinasagawang *crackdown* o malawakang panggigipit sa buong bansa. Halos kasabay nito, lima ding lider masa ang inaresto sa Kamaynilaan, habang isang lider anakpawis ang pinaslang sa Laguna. Hindi bababa ngayon sa 266 ang pinaslang, habang mahigit 545 ang bilanggong pulitikal.

Target ng malawakang panggigipit ang mga demokratikong organisasyon dahil sa militanteng pagtataguyod ng mga ito sa interes ng masa. Nakaamba sa buong bansa ang banta ng pag-aresto at pagpaslang, laluna sa mga lider-masa, mga susing upisyal at organisador ng mga samahang makamasa.

Walang ibang pakay ang mga pamamaslang at terorismo ng estado kundi ang itarak ang takot sa dibdib ng taumbayan. Hangad ni

*"Magpakatatag...," sundan sa pahina 2*

## 39 kaswalti ng AFP at PNP

HINDI BABABA SA 19 ang napatay at 20 ang sugatan sa hanay ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa mga opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa gitna ng matitinding operasyong militar nitong Oktubre. Isinagawa ang mga aksyong militar sa Mindoro, Masbate, Samar, Negros at Mt. Province.

Sa Occidental Mindoro, pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ang dalawang trak ng 4th IB sa Sityo Amaling, Barangay Manoot, Rizal noong Oktubre 28. Lulan ng mga ito ang may 60 sundalo. Hindi bababa sa sampu ang sugatan sa mga berdugo.

Bago nito, isang sundalo ang nasawi at dalawang iba pa ang sugatan sa 4th IB nang ambusin sila ng BHB noong Oktubre 23. Isinagawa ang opensiba sa Sityo

*"39 kaswalti...," sundan sa pahina 3*

"Magpakatatag...," mula sa pahina 1

Duterte ang "katahimikan." Tahimik sa kanya kung walang bumabatikos sa mababang sweldo at sahod. Walang kumokontra sa kontraktwalisasyon. Walang nagrereklamo sa pang-aagaw ng lupa, pabigat na upa at usura. Walang tumututol sa pagtatayo ng mapaminsalang mga dam, mga mina, proyektong pang-imprastruktura at panturismo at paglawak ng mga plantasyon sa kapinsalaan ng mga magsasaka't katutubo. Walang humihiyaw sa harap ng pagsirit ng presyo at kawalang trabaho. Walang nag-iingay laban sa korapsyon at krimen ng pulis at militar.

Katahimikan ang layunin ni Duterte para sa malalaking burgesyang komprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista. Katahimikan para sa tuluy-tuloy na pagkamal ng yaman, pagpiga sa dugo't pawis ng mga manggagawa at mga magsasaka, pagdambong sa kabang-yaman, pagwasak sa kalikasan at pagsuko sa mga dayuhan ng kasarinlan ng bansa. Nais ni Duterte na manahimik ang lahat sa harap ng kanyang pakana na panatilihin ang sarili sa kapangyarihan. Ayaw niya na may alingasngas maging sa kanyang lumulubhang kundisyong pangkalusugan.

Hindi dapat pumayag ang bayan na maghari ang takot at mapatahimik ang lahat. Dapat magpunyagi ang lahat sa landas ng pakikibaka. Huwag pahintulutang tuluyang maghari ang takot, terorismo at tiraniya. Buklurin ang pinakamalawak na hanay ng mamamayan para ipaglaban ang demokrasya. Likhain ang nakayayanig na ingay ng sabay-sabay na pagsigaw ng bayan.

Dapat magpunyagi ang lahat sa pagtatanggol at paggamit ng kanilang mga karapatan sa pag-oorganisa at pamamahayag. Dapat nilang papanagutin si Duterte at ang kanyang mga armadong kampon sa pang-aabuso sa batas at pag-apak sa kalayaan, maging yaong ginagarantiyahan ng konstitusyong 1987 ng reaksyunaryong gubyerno.

Sa kasalukuyan, mayroon pang puwang para sa ligal na pakikibaka, kahit pa unti-unti itong pinakikitid ng pasismo ng estado. Dapat ipursige ng lahat ng mga demokratikong organisasyong makamasa ang kanilang katayuang ligal. Dapat puspusang isulong ang pakikibaka ng iba't ibang sektor para sa kanilang kagalingan: umento sa sahod, pagbasura sa liberalisasyon sa importasyon ng bigas, tunay na reporma sa lupa, subsidyo sa edukasyon, kalusugang pampubliko at iba pang serbisyong panlipunan, ayuda sa mga sinalanta at iba pa.

Habang nagpupunyagi sa pakikibakang ligal, dapat magpakahusay ang mga lider-masa, mga upisyal at organisador sa mga pamamaraang lihim upang biguin ang kaaway sa kampanya nito ng mga pagpatay at pagkukulong. Matutong magsikreto sa araw-araw na pagkilos upang manatiling bulag at bingi ang kaaway. Maging mapanlikha sa mga paraan ng pag-ugnay, pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa taumbayan. Ang malawak na masa ang magsisilbing makapal nilang gubat ng proteksyon at suporta.

Sadyang mahirap at puno ng sakripisyo ang kalagayan ng mga lider masa at aktibista na sinusupil ng tiranikong rehimen. Dapat silang humalaw ng inspirasyon at tapang sa masa at sa kanilang minimithing katarungan at hinahangad na kalayaan. Sa kabilang panig, dapat silang maging huwaran ng tapang at pagpupunyagi.

Ang kampanya ng todong panunupil ng rehimeng US-Duterte ay tiyak na mabibigo. Habang lalo itong pinatitindi, lalong dumarami ang napupukaw at gustong sumapi sa mga organisasyong makamasa at lumahok sa mga demokratikong pakikibaka. Pinangingibabawan ang takot ng kapasyahang labanan at wakasan ang brutal, traydor, korap at kriminal na rehimen.

Laging nakahandang kanlungin ang lahat ng tinutugis ng pasistang rehimen sa loob ng mga sona at ba-

"Magpakatatag...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo L Blg. 21 | Nobyembre 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Magpakatatag at puspusang lumaban! 1
39 kaswalti sa AFP at PNP 1
Baryo sa Samar, binomba ng militar 3
Ang paglaban ng Barangay Ekserya 4
Panggigipit sa Kamaynilaan 4
Tanim-ebidensya laban sa mga aktibista 5
Katiwalian sa BOC 5
Lider-mangingisda, pinatay 5
Buhay na demokrasya sa mga tribu 6
Lumalawak na agwat sa kabuhayan 7
Di-makataong pagtrato sa mga bilanggo 7
Protesta ng mga magsasaka 7
Pasismo sa mga eryang nilindol 8
Mga mamamahayag, delikado sa Pilipinas 8
Anti-imperyalistang kumperensya sa Cuba 8
Mga protesta sa buong mundo 9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

*"39 kaswalti...," mula sa pahina 1*

Mantay, Barangay Monteclaro, San Jose, sa parehong prubinsya.

Mula pa Abril naglulunsad ng nakapokus na operasyong militar ang AFP at PNP sa mga bayan ng Rizal, San Jose at Magsaysay, Occidental Mindoro at sa Bongabong, Roxas, Mansalay at Bulalacao, Oriental Mindoro. Patuloy din ang paghahasik ng mga ito ng takot sa mga residente ng Sablayan at Calintaan sa Occidental Mindoro, at Victoria at Socorro sa Oriental Mindoro. Pangunahing apektado ng mga operasyong ito ang kabuhayan ng mga katutubong Mangyan at magsasaka sa lugar.

Sa Masbate, inambus ng BHB ang mga elemento ng 2nd IB na nag-ooperasyon sa hangganan ng mga barangay ng Mabiton at Taguilid sa Claveria noong Nobyembre 1, alas-11 ng umaga. Lima ang nasawi at isa ang sugatan sa hanay ng AFP. Kasunod nito, hinaras ng isa pang yunit ng BHB-Masbate ang kampo ng 2nd IB sa Barangay Togoron, Monreal, bandang alas-3 ng hapon. Noong Oktubre 31, isang trak lulan ang mga tropa ng 2nd IB ang inambus ng mga Pulang Mandirigma sa kahabaan ng Barangay Panisijan, Uson.

Sa Northern Samar, matagumpay namang hinarap ng BHB ang matinding operasyon ng 20th IB at 81st Division Reconnaissance Company sa Las Navas mula unang linggo ng Oktubre. Sa mga inilunsad na aksyong militar ng BHB mula Oktubre 6-16, nakapagtala ng 11 napatay at tatlo ang sugatan sa hanay ng AFP.

Pinarangalan ng BHB-Northern Samar si Roger Pajenado Cocoya (Ka Uno) na namartir sa labanan noong Oktubre 12. Kinilala ng BHB si Ka Uno bilang walang-pagod na organisador ng kanyang kapwa kabataan at magsasaka. Aktibo siyang kasapi ng yunit milisya bago nagpultaym sa hukbong bayan.

Sa panahon ng operasyong militar ng AFP, naiulat ang mga paglabag sa karapatang tao sa Barangay Epaw, pagbakwit ng mga residente ng Barangay Sag-od, pandarahas at panghihimasok sa mapayapang pamumuhay ng mga magsasaka sa lugar.

Sa Negros Occidental, isang elemento ang patay at tatlo ang sugatan sa pinagsanib na pwersa ng 62nd IB at PNP matapos silang i-haras ng mga Pulang mandirigma noong Oktubre 9 sa Sityo Basak, Barangay Tan-awan, Kabankalan City. Bago nito, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalo ng 62nd IB sa Barangay Buenavista, Himamaylan City noong Oktubre 6. Inatake rin ang mga tropa ng 94th IB sa Sityo Cabangahan, Barangay Bantolinao, Manjuyod, Negros Oriental noong Oktubre 3.

Sa Mt. Province, mahusay na nakapagdepensa ang mga kasapi ng BHB laban sa nag-ooperasyong tropa ng 5th ID noong Oktubre 24 sa Suquib, Besao. Isa ang patay habang isa naman ang sugatan sa Division Reconnaisance Company ng 5th ID. Matapos ang labanan, walang habas na nagpaputok ang mga sundalo sa mga sakahan ng mga residente. Kinanyon din nila ng mortar ang lugar.

*"Magpakatatag...," mula sa pahina 2*

seng gerilya sa piling ng masang magsasaka at sa ilalim ng demokratikong kapangyarihan ng bayan. Nakahanda ang lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) na ibigay sa kanila ang kailangan nilang proteksyon.

Dahil sa panunupil ng pasistang estado, patuloy na dumarami ang gustong sumapi sa BHB at lumahok sa armadong pakikibaka. Dapat magpursige ang BHB sa pagpapaigting ng digmang bayan. Ang matagumpay na mga taktikal na opensiba ay nagbibigay ng lakas ng loob sa bayan dahil alam nilang mayroon silang tunay na hukbong masasandigan.

## Baryo sa Samar, binomba ng militar

NAGHULOG NG TATLONG bombang tig-227 kilo ang mga eroplanong FA-50 ng Philippine Air Force sa Barangay Caputoan, Las Navas, Northern Samar noong Oktubre 26, alas-6 ng umaga. Ihinulog ang mga bomba isang kilometro lamang ang layo mula sa sentro ng barangay. Winasak ng mga ito ang mga sakahan ng hindi bababa sa 13 pamilya, gayundin ang kanilang mga bahay, mga inaning palay at iba pang ari-arian. Ang operasyon ay iniutos ng Joint Task Force Storm ng Armed Forces of the Philippines Central Command at 8th ID.

Matapos ang pambobomba, dumating ang mga helikopter at walang habas na pinaputukan ang lugar. Ipinagmayabang pa ng 8th ID ang kinuha nilang larawan ng lugar na binomba kung saan makikita ang nyugan at bahay ng sibilyan. Pinamumunuan ni MGen Pio Diñoso ang berdugong 8th ID.

Dahil dito, napilitang lumikas ang mahigit 24 pamilya at nagpakanlong sa Barangay L. Empon at Barangay Paco. Ang ilan pa ay lumikas patungong sentrong bayan. Ayon sa mga residente, mahigit 140 sundalo ang umaaligid sa kanilang baryo at naglulunsad ng matinding operasyong militar. Bahagi ito ng kabuuang 500-kataong pwersa ng 20th IB at 81st Recon Coy na humahalihaw sa lugar. Pinagbabawalan din ang mga magsasaka na pumunta sa kanilang mga sakahang sinalanta ng mga operasyon. Umaabot na ng isang buwan ang operasyon ng 8th ID na tinatayang nagwaldas na ng P6 milyong pondo ng bayan.



# Ang walang humpay na paglaban ng Barangay Ekserya



Matagal nang ipinaglalaban ng mga residente sa Ekserya, isang barangay sa Negros, ang kanilang karapatan para sa lupa sa gitna ng matitinding kampanyang panunupil sa isla. Patuloy nilang ipinagtatanggol ang kanilang mga tagumpay, katulong ang sangay ng Partido sa lokalidad at ng milisyang bayan.

Isa si Kasamang Dereba sa mga nakasaksi sa pag-usbong ng rebolusyonaryong kilusan sa baryo noong 1983. Sinalaysay niya ang pagsisimula nito at mabilis na pagkakaisa ng mga residente. Aniya, mabilis na naintindihan at naisabuhay ng mamamayan dito ang mga pagpapahalaga at prinsipyo ng rebolusyon. Maagap din nilang nailunsad ang kanilang mga pakikibakang masa laban sa mga despotikong panginoong maylupa sa lugar. Sa simula, nakasentro ang kanilang pakikibaka sa pagpapababa ng upa sa lupa. Sa kalaunan, naipagtagumpay nila ang pagkakaroon ng sariling lupa nang hindi na nagbabahagi ng ani sa panginoong maylupa.

Salaysay ni Ka Dereba, kasabay ang baryo sa mga liko't ikot na dinanas ng rebolusyon. Noong dekada 1980, dumanas ito ng mga problema dulot ng mga kamalian at kahinaan sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Sa pagitan ng 1985 hanggang 1992, nagtamo rin ito ng mga pagatras. Sa panahong ito, dumanas ang mga residente at mga kasama ng matitinding kahirapan. Sinamantala ng mga panginoong maylupa ang kalituhan sa hanay ng mga kadre at mababang moral ng mga kasapi sa Partido at mamamayan para muling maghari-harian. Tumindi ang militarisasyon at pamamaslang.

Matapos manawagan ang Partido para pagtibayin ang batayang prinsipyo at pagwawasto ng mga kamalian, nagsimula ang rekonstruksyon ng baseng masa sa Negros. Noong kalagitnaan ng dekada 1990, nagsimula ang mga kampanyang masa laban sa pagmimina at pangangamkam ng lupa sa Ekserya. Sa simula, 500 residente ang kumilos sa kampanya.

Mula rito, itinayo ang sangay ng Partido para ipatupad ang mga tungkulin sa ilalim ng kilusang pagwawasto. Itinayo nito ang mga grupo ng Partido at komite at pinabilis ang rekrutment sa Bagong Hukbong Bayan. Sinaklaw ng lokal na sangay ng Partido ang 300 pamilya.

Sa gitna nito, walang lubay ang pang-aatake ng reaksyunaryong estado. Natatandaan pa ni Ka Dereba kung paano nanalasa ang Oplan Bantay Laya ng rehimeng US-Arroyo at ang Oplan Bayanihan ng US-Aquino. Kasabay ng matitinding operasyong militar ang mga pang-aabuso ng sundalo, pamamaslang, pang-aaresto, panggigipit at iba pang paglabag sa karapatang-tao. Hindi ininda at inigpawan itong lahat ng mamamayan ng Ekserya.

Mahigpit na pinanghawakan ng organisasyon, katuwang ang milisyang bayan, ang pagtiyak sa seguridad ng mga residente ng baryo. Naglunsad sila ng mga aksyong militar bilang aktibong depensa laban sa kaaway, at bilang suporta rin sa mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan. Pinagana ng sangay ang mga komite ng mga ganap na samahang masa, partikular ang komite sa produksyon. Pinakinabangan ng komunidad ang ani ng kanilang mga kolektibong sakahan. Regular silang nakapagpapadala ng suporta sa mga Pulang mandirigma.

Sa ngayon, ipinailalim ni Duterte ang Negros sa *de facto* na batas militar. Sa harap nito, patuloy ang pagtatanggol ng Ekserya sa kanilang lupa at nakamit nang mga tagumpay ng mga residente nito. Patuloy na gumagana nang nagsasarili ang lokal na sangay ng Partido. Sa gayon, nakatutulong sila sa pagsusulong sa komprehensibong gawain ng BHB sa lugar. AB

### Panggigipit sa Kamaynilaan

ILIGAL NA INARESTO ng mga pulis ang mag-asawang aktibista na sina Cora Agovida at Michael Tan Bartolome sa kanilang bahay sa Paco, Manila noong Oktubre 31, alas-5 ng umaga. Nagmula sa Manila Police District at Criminal Investigation and Detection Group ang mga nang-aresto.

Nagtanim ng ebidensyang mga pasabog ang mga pulis upang sampahan ng gawa-gawang kaso at hindi makapagpyansa ang mga biktima. Si Agovida ay pangulo ng Gabriela-Metro Manila habang si Bartolome naman ang upisyal sa kampanya ng Kadamay-Metro Manila.

Kasunod nito, nilusob ng mga pulis ang upisina ng Bayan-Metro Manila sa Clemente St., Barangay 183 sa Tondo, Manila noong Nobyembre 5, ala-una ng madaling araw. Nagtanim din ng ebidensya ang mga pulis at iligal na dinakip sina Ram Carlo Bautista, direktor sa mga kampanya ng Bayan-Manila, si Alma Moran, myembro ng kalihiman ng Manila Workers Unity, at si Ina Nacino, koordineytor ng Kadamay-Manila.

# Tanim-ebidensya laban sa 57 aktibista

Iligal na inaresto ng pinagsanib na pwersa ng pulis at mga sundalo ng 3rd IB ang 57 aktibista sa Negros noong gabi ng Oktubre 31 at Nobyembre 1. Itinuturing itong pangatlong bugso ng madugo at iligal na Oplan Sauron sa isla. Sa tangkang gawing lehitimo ang operasyon, nagtanim ng mga ebidensyang baril ang mga sundalo at pulis sa mga upisina ng mga inaresto sa Bacolod at Escalante.

Nagtanim din ng ebidensyang pasabog ang mga pulis para hindi makapagpyansa ang mga inaresto. Naglagay ng mahigit 30 pistola at mga bala sa iba't ibang bahagi ng mga upisina at ibinintang sa mga aktibista. Nakunan pa ng bidyo ng isang myembro ng alternatibong midya ang mga pulis habang kunwa'y naghahalungkat ng mga baril at bala sa isang itinanim na bag.

Ang mga iligal na inaresto ay mga lider at myembro ng Bayan Muna, Gabriela, National Federation of Sugar Workers, at Kilusang Mayo Uno (KMU). Kabilang dito ang 21 manggagawa ng Ceres Bus Line na noo'y nakikipagkonsultahan sa KMU.

Inaresto rin ang mga myembro ng Teatro Obrero at Teatro Bungkal. Karamihan sa mga myembro ng mga ito'y mga bata at kabataan na nag-eensayo para sa nalalapit na okasyon sa prubinsya. Isang kagawad ng alternatibong midya na Paghimutad ang dinakip rin. Lahat ng mga inaresto ay inakusahang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso.

Ayon sa Karapatan, ang malawakang iligal na pag-aresto ay palatandaan ng pinaigting na panunupil hindi lamang sa isla kundi sa buong bansa. Layunin umano nitong patahimikin ang mga progresibo, aktibista at mga kritiko ng rehimeng Duterte. Nakiisa rin ang International Coalition for Human Rights in the Philippines at Amnesty International sa pagkundena sa malawakang iligal na pag-aresto.

Sunud-sunod na pagkilos ang inilunsad ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa Negros at Metro Manila para kundenahin ang mga pag-aresto. Nagpiket ang mga progresibong grupo sa harap ng Camp Crame sa Quezon City noong Nobyembre 4. Kinundena rin ng mga progresibong grupong nakabase sa Melbourne, Australia at sa Los Angeles, California at New York sa US ang iligal na pag-aresto.

Nitong Nobyembre 6, pinangunahan ng Makabayan at iba pang aktibistang grupo ang #PadayonNegros: National Solidarity Mission sa Bacolod. Binisita nila ang mga inaresto at kinundena ang panggigipit ng estado laban sa mga progresibo at mga kritiko nito. Nagtungo naman ang Karapatan sa Quezon City Hall of Justice upang kwestyunin ang pag-isyu ni Judge Cecilyn Burgos-Villavert ng magkakatulad na mandamyentong ginamit ng PNP sa Bacolod at Maynila.

Nagkaroon din ng kaugnay na mga protesta sa Cebu at Iloilo.

## Katiwalian sa BOC, laganap

MAHIGIT P234 BILYON buwis ang hindi naipasok sa kaban ng bayan noong 2016-2017 dahil sa katiwalian sa Bureau of Customs (BoC). Inilantad ito ni House Deputy Speaker Rep. Rodante Marcoleta sa inihain niyang resolusyon noong Oktubre. Aniya, laganap ang pamemeke sa mga listahan ng BoC para dayain ang kwenta ng buwis na kinakailangang bayaran ng mga *broker* (ahente ng mga *importer* na nagpoproseso sa pagpasok ng mga kargamento sa mga daungan).

Dati nang talamak ang korapsyon sa BoC. Laganap dito ang paggamit ng "benchmarking" at "sistemang tara." Ang "benchmarking" ay isang iskemang nagpapadulas sa paglulusot ng mga inangkat na kargamento. Ang "sistemang tara" naman ay tumutukoy sa pagtanggap ng suhol mula sa mga *importer* o kanilang mga *broker*.




Sa bawat pagpapalit ng reaksyunaryong rehimen, kunwa'y nagkakaroon ng "paglilinis" sa loob ng BoC. Ang totoo, binabalasa lamang ng nakaupong pangkatin ang ahensya para ipwesto ang sarili nitong mga tauhan at kopohin ang bilyong pondo mula sa mga anomalya nito.

## Lider-mangingisda, pinatay

PATAY SA PAMAMARIL si Reynaldo Malaborbor, 64, sa tapat ng kanyang bahay sa Katapatan Subdivision, Cabuyao City, Laguna noong Nobyembre 4, alas 9 ng gabi. Si Malaborbor ay myembro ng Pagkakaisa at Ugnayan ng Magsasaka sa Laguna (Pumalag) at Makabayang Koalisyon ng Mamamayan-Timog Katagalugan. Siya ay dating bilanggong pulitikal na inaresto noong Oktubre 5, 2010 at nakalaya noong 2015.

Kilala sa Laguna si Malaborbor bilang beteranong aktibista. Bago paslangin, naging bahagi siya sa pag-organisa ng welga sa NutriAsia sa Cabuyao noong Hulyo. Naging koordineytor din siya ng Makabayan noong eleksyong Mayo.

# Buhay na demokrasya sa pagresolba sa mga tunggalian ng mga tribu

*Sa kabila ng pag-iral ng pasistang tiraniya, binubuhay ng mamamayan ang demokrasya sa landas ng pakikibaka. Matatagpuan ito sa mga organisasyon ng mamamayan, kanilang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at gubyernong bayan, sa loob ng Partido Komunista at ng Bagong Hukbong Bayan.*

Sa Cordillera, dumadaloy ang demokrasya sa ugnayan ng mga katutubo at Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Matingkad ito sa mga pagkakataon kung saan namamagitan ang mga kadre ng Partido at hukbong bayan sa mga tunggaliang pana-panahong umuusbong sa pagitan ng mga katutubo ng rehiyon. Sa mga pagkakataong ito, mahigpit ang pagtangan ng mga rebolusyonaryo sa linyang masa na nagbubuklod sa masang inaapi at pinagsasamantalahan at nilulutas ang mga kontradiksyon sa kanilang hanay sa di-antagonistikong paraan.



Nagsisilbing tagapamagitan ang mga Pulang mandirigma para iwasan ang pagputok ng mga digmang tribu at malutas sa mapayapang paraan ang mga hindi pagkakaunawaan. Pinangingibabaw nito ang panawagang "Rebolusyonaryong digmang bayan, hindi digmaan ng mga tribu."

Isang tampok na karanasan ang pagharap ng yunit ng BHB sa kaso ng pagpaslang ng mga katutubong Baclingayan sa tatlong katutubong Agawa noong Mayo. Ang mga Baclingayan ay mula sa tribung Belwang sa Sadanga, Mountain Province habang ang mga Agawa naman ay mula sa Barangay Nabanig, Besao, ng parehong prubinsya. Naganap ang insidente sa kagubatang nasa hangganan ng Besao at Tubo, Abra.

Nang mapabalita ang pangyayari, agad na kumilos ang yunit ng Hukbo na sumasaklaw sa lugar upang tumulong sa agarang pagresolba ng insidente. Para iwasan ang pagputok ng digmang tribu, hinimok ng mga kasama ang mga *panglakayen* (lider ng tribu) na tumindig para agaran at mapayapang malutas ang usapin. Lumabas sa imbestigasyon ng BHB na agawan ng rekurso at teritoryo ang ugat ng insidente. Parehong itinuturing ng mga Agawa at Baclingayan na teritoryo ang naturang kagubatan.

Gamit ang resulta ng imbestigasyon ng BHB bilang batayan, nanawagan ang Cordillera People's Democratic Front sa mga *panglakayen* na iwasan ang digma. Naghanap ng paraan ang mga kadre at mandirigma para magharap ang dalawang panig at maresolba ang sigalot sa pinakamadaling panahon. Ilang araw matapos ang insidente, sumang-ayon ang mga *panglakayen* sa isang dayalogo na pamamagitan ng BHB. Dito, inihapag ang paunang imbestigasyon ng BHB sa insidente at kinuha ang salaysay ng akusado. Pumayag ang mga Baclingayan na isuko at ipailalim sa *bagta* o mga batas ng *bodong* ang maysala. Ang *bodong* ang tawag sa kasunduang pangkapayapaan ng mga tribu sa Cordillera.

Isa lamang ang insidenteng ito sa marami nang kasong hinarap at nilutas ng BHB sa Cordillera. Sa mga kasong may saksi, kinukuha ang mga salaysay ng mga ito. Dinidinig ang lahat ng ito ng *panglakayen* ng dalawang tribu. Itinatakda ng dalawang tribu ang karampatang danyos para bigyang hustisya ang mga biktima. Sa mga ugnayang ito, napapanatili ang kaisahan ng mga tribu sa ilalim ng tradisyunal na *bagta*.

*"Demokrasya...," sundan sa pahina 7*

## Pang-uupat ng AFP sa mga tribu

KABALIKTARAN SA PRAKTIKA ng rebolusyonaryong kilusan, ginagamit ng AFP at reaksyunaryong estado ang katutubong mga kaugalian at institusyon gaya ng *bodong* upang palalain ang hindi pagkakaunawaan ng mga tribu sa Cordillera. Sa panahon ng mga operasyong militar, madalas na inuudyukan ng mga sundalo ang mga sigalot para pag-away-awayin ang mga tribu. Sinasamantala ng AFP at ng estado ang kanilang hindi pagkakaisa para itulak ang mga pahirap at kontra-mamamayang proyekto sa kanilang lupang ninuno tulad ng mga dam, plantang pang-enerhiya at iba pa.

Sa kasaysayan, umabot ang pang-uudyok ng AFP sa pag-aarmas nito sa mga tribu. Noong dekada 1980, inarmasan nito ang tribung Basao para wasakin ang pagkakaisa ng mga tribu laban sa Chico River Dam Project. Sa ilalim naman ng rehimeng Duterte, ito ang pangunahing laman ng tinaguriang "IP-centered approach" ng programang kontra-insurhensya.

## Lumalawak na agwat sa pagitan ng mayaman at mahirap

INIULAT NG FORBES noong Oktubre ang muling paglobo ng yaman ng pinakamalalaking burgesya kumprador sa bansa. Inilahad nito na pare-parehong tumaas ang *net worth* (o halaga ng ari-arian) ng siyam sa sampung pinakamayamang bilyunaryo sa bansa. Pinakamalaki ang itinaas ng yaman ni Hans Sy (16%, tungong P140 bilyon), anak ng yumaong kapitalistang si Henry Sy.

Hindi kataka-taka na ika-siyam ang Pilipinas sa listahan ng Credit Suisse noong Oktubre ng mga bansang may pinakamalawak agwat sa pagitan ng mahirap at mayaman.

Sa ilalim ni Duterte, lumobo ang halaga ng ari-arian ng sampung pinakamayayamang kumprador nang (14%), mula P2.5 trilyon noong 2016 tungong P2.7 trilyon noong 2018. Sa kabilang banda, ipinakikita ng konserbatibong datos ng reaksyunaryong estado na aabot na sa 28.8 milyong Pilipino (tatlo sa bawat sampu) ang nagtitiis sa mas mababa pa sa P70 kada araw. AB

## Di-makataong pagtrato sa mga bilanggo, kinundena

ISINALARAWAN NG KAPATID bilang nasa "kritikal na kalagayan" ang mga bilanggo sa National Bilibid Prison (NBP) sa Muntinlupa. Ang Kapatid ay organisasyon ng mga kapamilya at tagasuporta ng mga bilanggong pulitikal. Namatay ang 29 bilanggo resulta ng "lockdown" o pagsasara ng NBP noong Oktubre 9. Pulmonya at iba pang sakit ang ikinamatay nila.

Ipinagbawal ng "lockdown" ang mga pagdalaw at winasak ang mga kubol na tulugan ng mga bilanggo. Ayon kay Eduardo Sarmiento, konsultant ng NDFP na nakakulong sa NBP, matapos ang demolisyon ng mga kubol, siksikan na ang mga bilanggo sa maliliit na espasyo sa *maximum compound*. Mayorya sa kanila ay maysakit at matatanda. Ang ilan ay napipilitang matulog sa sahig o sumilong saanmang may bubong. Mayroong di bababa sa 27,821 bilanggo sa NBP.

Sa pagharap ng Kapatid sa midya noong Oktubre 25, sinabi ng grupo na sadyang hindi ginamot ng mga upisyal ng Bureau of Corrections ang mga bilanggo. Binatikos din nila ang iba't ibang bayarin sa NBP, gaya ng pagbabayad ng kuryente sa kada bilangguan. Ibinebenta rin ang inuming tubig sa halagang P150 habang ang isang lata ng sardinas ay umaabot sa P100.

Nanawagan din si Sarmiento na pagsama-samahin ang mga bilanggong pulitikal sa isang gusali sa loob ng *maximum compound*. Mayroong mahigit 60 bilanggong pulitikal na nakakulong sa iba't ibang gusali ng NBP. AB

*"Demokrasya...," mula sa pahina 6*

Sa loob ng mahigit apat na dekadang pagkilos, patuloy na pinayayabong ng BHB ang praktika sa pagharap sa mga tunggalian sa pagitan ng mga tribu. Aplikasyon ng linyang masa at pakikisalamuha sa mga komunidad ang paraan ng mga kasama. Dulot ng prinsipyadong paglutas sa mga sigalot, mataas ang respeto at pagkilala ng mga tribu sa rebolusyonaryong kilusan. Napatunayan sa mahabang praktika na walang kinikilingan ang mga kasama sa paglutas sa mga tunggalian. Patas at wasto rin ang iminumungkahi nilang mga resolusyon. Dahil dito, ang mga tribu na mismo ang humihiling sa partisipasyon ng Partido at BHB sa mga usapan.

Katuwang ang mga tribu, nagpupunyagi ang mga kasama sa paglaban sa mga pambabaluktot ng kaaway sa mga katutubong kaugalian at istruktura. Sa gayon, naitataguyod ang karapatan sa sariling pagpapasya at demokrasya sa Cordillera. AB

## Protesta sa Buwan ng Magsasaka


DAAN-DAANG MYEMBRO NG mga organisasyong magsasaka at mga tagasuporta nila ang nagmartsa tungong Mendiola noong Oktubre 21 upang gunitain ang Buwan ng Magsasaka. Pinangunahan ng mga magsasaka mula sa Central Luzon, Ilocos, Mt. Province at Southern Tagalog ang kilos protesta.

Ipinanawagan nila ang pagbasura sa batas sa liberalisasyon ng bigas o RA 11203 dahil bigo ito na pababain ang presyo ng bigas. Sa halip, bumagsak ang presyo ng palay tungong P7 dahil sa pagbaha ng mga inangkat na bigas.

Maliban dito, libu-libong magsasaka rin ang napalalayas dulot ng patuloy na pagpapalit-gamit at malawakang pang-aagaw ng lupa. Halimbawa nito ang New Clark City na sasaklaw sa 9,450 ektaryang lupain sa Pampanga at Tarlac, at ang Aurora Pacific Economic Zone and Freeport Authority na sumasaklaw ng 12,953 ektarya.

Tinutulan din ng mga magsasaka ang militarisasyon sa kanilang mga komunidad. Sa Southern Tagalog, 15 batalyon ang idineploy ng AFP sa rehiyon. Apektado rin ang kabuhayan ng mga magsasaka sa Cordillera dahil sa presensya ng mga sundalo sa kanilang mga sakahan.

Binigyang pugay sa rali ang mga lider-magsasaka na pinaslang dahil sa pagtataguyod ng kanilang karapatan para sa tunay na reporma sa lupa. Ayon sa Karapatan, may 216 magsasaka na ang nasawi sa ilalim ng rehimeng Duterte. AB



# Pasismo sa mga eryang nilindol sa Mindanao, binatikos

Matapos ang trahedyang dulot ng mga lindol sa Mindanao noong Oktubre, nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at mga rehiyunal na yunit nito sa Southern Mindanao Region (SMR) at Far South Mindanao Region (FSMR) na biguin ang militarismo ng rehimeng US-Duterte. Niyanig ang isla ng hindi bababa sa limang magkakasunod na lindol mula Oktubre 16-31. Pinakaapektado rito ang Davao del Sur at North Cotabato.

Ayon sa PKP, hindi katanggap-tanggap ang utos ni Sec. Delfin Lorenzana ng Department of National Defense na magtayo ng mga tsekpoynt sa mga bayan na labis na sinalanta.

"Ipinapataw ni Lorenzana ang kontra-insurhensyang layon nito sa pagbibigay ng agarang tulong," ayon sa PKP. Pahihirapan ni Lorenzana ang mga gustong magbigay ng agarang tulong. Magreresulta rin ito sa malawakang korapsyon at pagnanakaw ng mga suplay ng ayuda. Malala pa, maaari din niyang ipag-utos ang pag-aresto sa mga grupong nagbibigay ng ayuda sa tabing na hindi sila awtorisado.

Iniulat ni Rubi del Mundo ng NDF-SMR na sa mga labis na apektadong lugar, pinipilit ng mga sundalo ang mga biktima na patunayang sila nga ay sinalanta ng lindol. Ipinaiilalim sila sa interogasyon at paghahalughog, na pumipigil sa kanilang humingi ng tulong at maghanap ng matutuluyan.

Ayon naman kay Ka Gary Angeles ng BHB-FSMR, nagrereklamo na ang mga biktima sa labis na pagpapabagal ng AFP at pagsasarbeylans nito sa mga tulong at serbisyong ipinadadala ng mga makataong grupo at sibilyang organisasyon.

Gayunpaman, ayon sa NDF-SMR, sa kabila ng militarismo ng reaksyunaryong rehimen, patuloy na nakapagpapaabot ng tulong at rehabilitasyon sa mga biktima ang mga lihim na organisasyon masa laluna ang mga yunit ng BHB. Nagsisikap ang mga organisasyong masa at alyado nito na magpaabot ng ayudang makakain at iba pang materyal na tulong sa mga biktima. Tumutulong naman ang mga Pulang mandirigma sa pagsasaayos ng mga bahay at sakahan at pagsalba sa mga tanim ng magsasaka sa mga bulubunduking lugar.

Hinimok din ni Del Mundo ang mga organisasyon at indibidwal na hamunin ang militarismo ng rehimen sa gitna ng nagaganap na krisis at alamin ang tunay na kalagayan ng mga biktima sa mga sentro ng ebakwasyon. AB

## Mga mamamahayag, delikado sa Pilipinas

SA TATLONG MAGKAKASUNOD na taon, nanatiling panglima ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamataas na Global Impunity Index (GII) ayon sa ulat noong Oktubre 29 ng Committee to Protect Journalists (CPJ). Ang GII ay sumusukat sa bilang ng mga hindi nareresolbang kaso ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa mga mamamahayag. Nakapagtala ang CPJ ng 41 kaso sa Pilipinas na tinatayang pinakamalaki sa buong mundo.

Kabilang sa listahan ang mga bansang may gera tulad ng Syria at Iraq. Kasama rin ang Somalia, South Sudan, Afghanistan, Mexico, Pakistan at Brazil.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, 13 mamamahayag na ang pinaslang ayon sa National Union of Journalists of the Philippines. Makailang ulit na pinagbantaan ni Duterte ang mga mamamahayag at hinikayat ang pagpaslang sa kanila.

Nitong Oktubre, tatlong kaso ng pagpaslang at panggigipit sa mga mamamahayag ang naitala. Sa Arayat, Pampanga, namatay si Jupiter Gonzales, manunulat sa Remate, matapos barilin ng hindi nakilalang mga suspek noong Oktubre 20.

Samantala, makailang beses na pinaputukan ang presidente ng Sultan Kudarat Provincial Task Force on Media Security at tagapangasiwa ng Radyo ni Juan na si Benjie Caballero noong Oktubre 30.

Kabilang naman sa 57 na iligal na inaresto ng mga pulis noong Oktubre 31 sa Bacolod City si Anne Kreuger, mamamahayag ng Paghimutad.

Ang mga kasong ito ay naganap ilang araw bago gunitain ang International Day to End Impunity for Crimes against Journalists noong Nobyembre 2. AB

## Anti-imperyalistang kumperensya, inilunsad sa Cuba

INILUNSAD ANG CUBAN Anti-Imperialist Solidarity Conference for Democracy and Against Neoliberalism sa Havana, Cuba noong Nobyembre 1-3. Ang kumperensya ay inorganisa ng Communist Party of Cuba at dinaluhan ng mahigit 1,200 delegado mula sa 95 bansa.

Nagsilbi ang kumperensya bilang ekspresyon ng pakikibaka ng mga mamamayan ng buong daigdig laban sa imperyalismo. Tampok sa aktibidad ang mga diskusyon hinggil sa sumisidhing krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema at tumitinding imperyalistang mga opensiba sa ideolohiya, pulitika, ekonomya at kultura. Nagkaroon din ng mga talakayan hinggil sa neokolonyalismo, rasismo at iba pang porma ng pang-aapi.

Hinati ang kumperensya sa limang grupo na nagbalangkas ng kongkretong mga hakbang para labanan ang mga patakarang neoliberal na ipinapataw ng US at para hadlangan ang mga digmang inilulunsad nito, gayundin ang mga paglabag nito sa internasyunal na batas, karapatang-tao at sa mga patakaran sa paglalayag at pakikipagkalakalan. AB

# Ang paghugos ng milyun-milyong mamamayan sa lansangan sa buong mundo

Milyun-milyong mamamayan ang humugos at patuloy na humuhugos sa mga lansangan sa iba't ibang bahagi ng daigdig para ipanawagan ang pagbabasura sa pahirap na mga patakaran sa kani-kanilang bansa. Dambuhalang mga protesta ang inilunsad sa Latin America, Europe, Middle East at Africa nitong nagdaang mga linggo para labanan ang mga neoliberal na patakarang pang-ekonomya, pagsidhi ng di pagkakapantay-pantay, katiwalian at pambansang pang-aapi sa gitna ng tumitinding krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema.




Sumiklab ang mga protesta sa Chile, Ecuador at Lebanon. Itinuon ang mga ito laban sa mga patakarang ipinataw ng IMF-World Bank gaya ng dagdag presyo at buwis, at pagkaltas ng badyet para sa mga serbisyong panlipunan. Sa Bolivia, Guinea at Iraq, nag-alsa ang mga mamamayan laban sa lantarang katiwalian ng naghaharing uri na maluhong namumuhay habang nagdurusa ang kalakhan sa labis na kahirapan, kawalan ng trabaho at gutom. Pumutok din ang welgang bayan sa Spain bilang pagkundena sa pagkakakulong ng 12 lider-aktibista dahil lamang sa kanilang partisipasyon sa isang reperendum noong 2017 at kasunod na pagdedeklara ng kalayaan ng Catalan.

Pinakamalaki sa mga ito ang protesta ng mahigit 1.2 milyon sa Santiago, kabisera ng Chile, noong Oktubre 25. Sumiklab ang pagkilos noong Oktubre 7 bilang kampanya laban sa 4% pagtaas ng pamasahe sa tren ($.04 o P2). Dahil sa mabilis na paglawak ng kilusang protesta, natulak si Pres. Sebastian Piñera na magdeklara ng *state of emergency* noong Oktubre 18 para bigyang daan ang pagpapakat ng mga tropa ng Chilean Army sa pangunahing mga rehiyon ng bansa at pagsupil sa paglaban ng mamamayan. Nagresulta ito sa pagkamatay ng hindi bababa sa 20 sibilyan, habang 2,500 ang sugatan at 2,840 ang inaresto. Daan-daan din ang dinukot at hindi pa natatagpuan.

Sa harap ng panunupil, nagpapatuloy ang mga protesta at nagkamit na ng malalaking tagumpay ang mga mamamayan. Sa Lebanon, napatalsik sa pwesto si Prime Minister Saad Hariri noong Oktubre 29. Natulak din ang iba pang mga rehimen na bawiin ang mga repormang neoliberal na ipinatupad nila.

Bago ang mga protestang sumiklab noong Oktubre, nagkaroon na ng dambuhalang mga pagkilos sa France (Yellow Vest), Iraq, Russia at Algeria. Nasa apat na buwan na ang mga protesta sa Hongkong.

Liban sa laki ng mga pagkilos, komun sa mga ito ang paunang pagsiklab ng galit ng mamamayan sa isa o dalawang partikular na patakaran. Pero hindi nagtatagal, lumalawak ang mga panawagan at dumarami ang sektor, organisasyon at partidong naglulunsad ng kani-kanilang mga pagkilos. Nabubuo ang malawak na nagkakaisang prente at nagiging organisado ang kanilang mga aktibidad. Napapakilos sila sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na panawagan, pagpapaliwanag at pag-eengganyo para makialam, makiisa at kumilos para sa mga karapatan at kagalingan. Malawakan, masinsin at walang tigil ang panghihikayat gamit ang mga daluyan ng internet, partikular ng *social media*. Kasabay nito, malawakan ang pagpapalaganap ng tradisyunal na mga porma ng propaganda, tulad ng mga polyeto, pahayag, likhang sining at iba pa sa hanay ng mamamayan. Karamihan sa mga protesta ay unang inilulunsad ng mga estudyante. Lumalawak ang mga ito kapag nilalahukan na ng mga manggagawa at propesyunal.

Nahaharap sa maraming hamon ang mga kilusang protestang ito. Sa kasaysayan, nagiging mahirap ang pagtutuluy-tuloy ng ganitong mga kilusan, lalupa't wala itong kinikilalang iisang sentro. Habang nahihimok ng mga kilusan ang napakalawak na mamamayan, nahahatak din nito ang maliliit na grupong anarkista at mga nananabotahe. Habang mayorya ang payapang nakikibaka, nagiging tampok ang mararahas na porma ng iilan. Ginagamit ng mga estado ang mararahas na insidente para bigwasan ang mga raliyista at suklian sila ng mas matinding karahasan. Gayundin, may mga bansang sinasakyan ng mga dayuhang kapangyarihan ang lehitimong pakikibaka ng mamamayan para makialam.

Nakiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga kilusang protestang ito. Ayon sa Partido, ang bugso ng mga kilusang protesta ay magsisilbing inspirasyon sa mamamayan ng buong daigdig para maglunsad ng kanilang sariling mga demokratikong pakikibaka at isulong ang paglaban para sa pagkakamit ng panlipunang hustisya at pambansang paglaya. Dapat na magsikap ang uring proletaryado na pangunahan ang popular na mga pag-aalsa at maghawan ng daan para sa muling pagdaluyong ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo, pagwawakas nito. AB